

INTRODUKSYON SA AIR DISTRICT



BAY AREA
AIR QUALITY
MANAGEMENT
DISTRICT

SINO ANG AIR DISTRICT?

Mula pa noong 1955, ang Bay Area Air Quality Management District na ang public agency na pumoprotekta sa air quality sa siyam na county na nakapaligid sa San Francisco Bay: Alameda, Contra Costa, Marin, Napa, San Francisco, San Mateo, Santa Clara, southwestern Solano, at southern Sonoma.

Ang Air District ay pinapangasiwaan ng 24 na miyembro ng Board of Directors, binubuo ito ng mga lokal na inihalal na opisyal mula sa bawat isa sa siyam na county sa Bay Area na sumusubaybay ng mga patakaran at nagpapatupad ng mga regulasyon upang mabawasan ang air pollution sa rehiyon.



ANO ANG GINAGAWA NG AIR DISTRICT?

MITHIIN

ANG MALUSOG NA PAGHINGA SA KAPALIGIRAN PARA SA BAWAT RESIDENTE NG BAY AREA.

LAYUNIN

PROTEKTAHAN AT PABUTIHIN ANG KALUSUGAN NG PUBLIKO, AIR QUALITY, AT PANDAIGDIGANG KLIMA.



BUMUBUO NG MGA PLANO AT REGULASYON PARA SA AIR QUALITY

Sinusuri ng Air District ang mga emission mula sa mga pabrika, sasakyang de-motor, mga istatistika ng paglaki ng populasyon, at ang datos mula sa pagsubaybay sa hangin upang makagawa ng mga plano, regulasyon, at programa para sa air quality at mabawasan ang air pollution sa rehiyon. Pinapabuti ng mga aktibidad na ito ang kalusugan ng publiko sa pamamagitan ng pagtulong sa Bay Area na matugunan ang mga pamantayan mula sa pederal at estado ukol sa air quality. www.baaqmd.gov/rules



SINUSUBAYBAYAN, SINUSURI, AT TINATANTYA ANG AIR QUALITY

Sinusukat ng Air District's air quality monitoring network ang mga konsenstrasyon ng mga air pollutant sa Bay Area. Ginagamit ng mga meteorologist sa Air District ang datos na ito mula sa pagsubaybay, kasama ang impormasyon tungkol sa lagay ng panahon, upang matantya ang air quality bawat araw.

www.baaqmd.gov/airmonitoring



NAGBIBIGAY NG MGA AIR QUALITY PERMIT

Nagbibigay ang Air District ng mga air quality permit para sa mga pirmihang pinanggagalingan ng air pollution at kagamitan para sa pagkontrol ng mga air pollutant na nag-aatas sa mga negosyong sumunod sa mga batas at regulasyon tungkol sa air pollution. Ang mga permit ay re repasohin taon-taon, at nagsasagawa ang Air District on-site inspection upang matiyak na sumunod pa rin ang mga negosyo sa mga ito. www.baaqmd.gov/permits



INI ENFORCE ANG MGA PATAKARAN SA AIR QUALITY

Ang Air District ay nagsasagawa ng mga on-site facility inspections, nagsisiyasat at tumutugon sa mga air quality complaints, at nagbibigay ng tulong sa mga negosyo upang itaguyod ang pagsunod sa mga air quality regulations.

www.baaqmd.gov/rules-and-compliance



NAMAMAHAGI NG MGA GRANT AT INCENTIVE PARA SA MALINIS NA HANGIN

Nag-aalok ang Air District ng mga grant at incentive sa mga public agencies, pribadong kumpanya, at mga residente ng Bay Area para sa mga proyektong kumokontrol sa air pollution mula sa mga pinagmumulan gaya ng mga sasakyan, truck, sasakyang pandagat, locomotive, kagamitan sa konstruksyon, at mga device para sa pasusunog ng kahoy. www.baaqmd.gov/grants

ANO'NG MAYROON SA HANGIN SA BAY AREA?

Mayroong **4** (apat) na pangunahing alalahanin tungkol sa air pollution sa Bay Area: ang ozone, particulate matter, mga nakakalasang air contaminant, at mga greenhouse gas.

1 Ozono

Ang mga sasakyan at truck ang numero unong pinagmumulan ng mga emission na nagdudulot ng smog.

2 Particulate Matter

Ang pagsusunog ng kahoy ang numero unong pinagmumulan ng polusyon sa hangin tuwing taglamig.

3 Mga nakakalasang air contaminant

Ang diesel particulate matter ang pangunahing alalahanin sa mga nakakalasang air contaminant.

4 Mga greenhouse gas

Mga pinagmumulan:

37%  mga stationary source

36%  mga sasakyan at truck

16%  kuryente

11% iba pang pinagmumulan

PAANO MAKAKATULONG ANG PUBLIKO?

Panatiliing Malinis ang Hangin araw-araw!



Maaari mong mapaganda ang kalidad ng hangin sa pamamagitan lang ng pag-iwas sa pagmamaneho.

Ang mga sasakyang de-motor ang pangunahing pinagmumulan ng polusyon sa hangin at mga greenhouse gas.

www.sparetheair.org

Makipag-ugnayan sa amin

Magparehistro para sa mga notification sa email tungkol sa AirAlert upang malaman ang mga araw kung kailan nakakasama ang hangin sa kalusugan. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa Air District sa social media sa pamamagitan ng Facebook, Twitter, Instagram, at YouTube. I-download ang Spare the Air app para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa air quality.



Sumali sa isang resource team ng Spare the Air

Ang Spare the Air Resource Teams ay mga programa na gumagawa at nagtataguyod para sa ikabubuti ng air quality programs sa bawat county. www.sparetheair.org/get-involved

Dumalo sa isang pulong

Nagsasagawa ang Air District ng mga pulong para sa mga residente upang magbahagi at makatanggap ng impormasyon tungkol sa mga bagong regulasyon, plano sa air quality, at iba pang kaugnay na isyu.

www.baaqmd.gov/community

MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN:

Bay Area Air Quality Management District
375 Beale Street, Suite 600
San Francisco, CA 94105

General Business:

(415) 749-5000

Public Information:

(415) 749-4900

Compliance Assistance:

(415) 749-4999

Engineering Services:

(415) 749-4990

Air Pollution Complaints:

(800) 334-ODOR (6367)

Winter Spare the Air Alert:

(877) 4-NO-BURN (466-2876)

Impormasyon sa Air Quality:

(800) HELP AIR (435-7247)

- Mga Pang-araw-araw na Air Quality Forecast
- Mga Araw para sa Agricultural Burning

I Report ang Mga Sasakyang Matindi ang Inilalabas na Usok:

(800) EXHAUST (394-2878)

www.SmokingVehicleHelp.org

Mga website:

www.baaqmd.gov

www.sparetheair.org

www.facebook.com/bayareaairdistrict

twitter.com/airdistrict

Makipag-ugnayan sa amin:



BAY AREA
AIR QUALITY
MANAGEMENT
DISTRICT

NAKALAANG PROTEKTAHAN ANG AIR QUALITY AT PANG PUBLIKONG KALUSUGAN SA BAY AREA